Kalayaan
Opisyal na Pahayagan ng KABATAANG MAKABAYAN NOBYEMBRE 2002


*EDITORYAL*

# MENSAHE SA MAMAMAYANG PILIPINO

***Sa pagdiriwang ng ika-38 anibersaryo ng KABATAANG MAKABAYAN***

PAMBANSANG KALIHIMAN NG KABATAANG MAKABAYAN

*Higit sa ano pa man, ang okasyong ito ay panawagan para sa armadong pag-aaklas.*




Ginugunita ng Kabataang Makabayan ang ika-38 taong anibersaryo ng pagkakatatag nito sa harap ng papatinding sosyo-ekonomikong krisis at pampulitikang panlilinlang. Nitong nakaraang linggo, ang biglaang pag-apruba ng Estados Unidos (EU) at ng papet na rehimeng Macapagal-Arroyo sa Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) ay malinaw na naglantad ng desperasyon at pagmamaniobra ng imperyalistang EU at lokal na papet upang lubusin ang paggamit sa "digmaang kontra-terorismo" para sa mga interes nito. Batid ng mga traydor na rehimeng ito na kapag idinaan ang pag-apruba ng MLSA sa ligal na paraan, na isa lamang bersyon ng 1994 Acquisition and Cross Servicing Agreement (ACSA) na ipinanukala sa ilalim ng rehimeng Ramos at mariing tinanggihan ng mamamayang Pilipino, tiyak na kakaharap ito sa matinding aksyong protesta at paglaban ng malawak na prenteng tumututol sa interbensyong EU.

Malinaw ang panlilinlang sa simula pa lamang. Noong 2001, ang balakin para sa isang kasunduang militar sa pagitan ng EU at Pilipinas ay nailantad matapos ang pagbisita ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa EU. Pagdating ng taong 2002, pinahintulutan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang panghihimasok ng tropang militar ng EU sa pamamagitan ng samu't saring palusot upang bigyang-katwiran ang MLSA at Balikatan 02-1 at 02-2 sa Timog Mindanao at Gitnang Luson. Lumitaw ang tunay nitong agenda noong nakaraang Agosto nang isama ni US Secretary of State Colin Powell ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa listahan ng mga *foreign terrorist organizations*. Ginatungan naman ito ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa pamamagitan ng pagdeklara ng *all-out war* laban sa BHB. Kitang-kita rin ang maniobra ni Macapagal-Arroyo sa pwersahang pagpapaalis ng mga upisyales na tumututol sa interbensyong militar ng EU tulad ni Bise Presidente Teofisto Guingona at sa paghalili ng mga sagad-sagaring tuta tulad ni Blas Ople na siyang nagtulak sa European Union at gobyernong Dutch na ibilang si Kasamang Jose Maria Sison sa listahan ng mga "terorista".

Ngunit ang kasunduan para sa panghihimasok-militar at direktang pagbabase sa Pilipinas ay bahagi na ng agenda ng EU bago pa man maganap ang trahedya sa World Trade Center at Pentagon noong Setyembre 11. Sa katunayan, nakasaad na ito sa *Strategy Report* ng *US Department of Defense East Asia* walong taon na ang nakakaraan. Ang mga naunang pagtatangka na palawakin ang papel ng interbensyong militar ng EU sa bansa ay sinalubong ng matinding oposisyon ng publiko noong 1991, nang tuluyang mapalayas ang base militar, at mga malawakang protesta sa ilalim ng panunungkulan ni Fidel V. Ramos. Ngunit ang tagumpay na ito ng

## BALITA




NAPILITANG magsara ang mahigit 26,000 eskwelahan sa Nepal matapos ang isang *strike* ng mga estudyante na nagsimula noong Disyembre 9, 2002. Aabot sa kalahating milyong estudyante ang apektado ng *strike*.

Sa pangunguna ng All Nepal National Independent Students' Union-Revolutionary (ANNISU), pro-Maoist na grupo, ang *student strike* ay panawagan para sa pagwawakas sa komersyalisadong edukasyon sa bansa. Sa partikular, bitbit ng grupo ang panawagang itaas ang badyet ng gobyerno para sa edukasyon. Kulang pa sa 17 porsyento ng taunang badyet ng Nepal na $1.2 bilyon ang nakalaan para sa sektor.

Bahagi rin ng panawagan ang pagbawi ng pamahalaan sa deklarasyon nitong 'terorista' ang nasabing grupo kasama ang iba pang iligal na grupong nagdadala ng mga lehitimong kahilingan. Ayon kay Devendra Parajuli, tagapangulo ng ANNISU, handa ang grupo na makipag-usap sa gobyerno kapag babawiin nito ang deklarasyon nito. Anim na taon nang nakikipaglaban ang huli upang pawiin ang monarkiya sa bansa at iluklok ang isang komunistang republika.

Bitbit ang mga partikular na kahilingan, tatapusin lamang ng grupo ang welga kapag ang gobyerno ng Nepal ay humarap sa *dialogue* sa mga iligal na grupong Maoists na nakikipaglaban para maitayo ang isang komunistang republika sa Nepal. Idineklara ng pamahalaang Nepal ang *state of emergency* isang taon na ang nakakaraan at nag-deploy ng mga militar upang tugisin ang mga rebelde.

Ayon sa Ministri sa depensa, 10 rebelde ang napaslang ng *army* sa Nepal sa loob lamang ng 24 oras noong Disyembre 9. Tinatayang mahigit 7,200 ang apektado ng tunggalian na nagpapahina sa ekonomiya ng bansa at pumipigil sa pagdagsa ng mga imbestor at turista na pangunahing pinagkukunan ng kita sa bansa.

*Sanggunian: BBC News, Reuters*

***EDITORYAL** mula sa p1*

mamamayan ay binawi nang aprubahan ang Visiting Forces Agreement noong 1998 at ngayon, sa pag-apruba naman sa MLSA.

Malinaw na naghahanda ang EU sa panggegera nito laban sa mga bansang tulad ng Iraq at mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya at anti-imperyalistang EU katulad ng CPP-NPA-NDF para sa kanyang digmaan– mga digmaang magsisilbi para sa pagmamantini ng *military-industrial complex* nito. Sa pang-gegera ng EU sa Iraq kung saan matatagpuan ang 10% ng reserbang langis ng buong mundo, nag-aambisyon ang EU na iligtas ang sarili sa pang-ekonomiyang krisis nito at manatiling pinakamakapangyarihan higit pa sa Europa, Hapon, Rusya at Tsina. Ang mamamayang Pilipino ay walang mapapala sa pagpapakatuta ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa dikta ng imperyalismong EU. Sa harap ng lumalalang krisis pang-ekonomiya ng mala-kolonyal at mala-pyudal na lipunan sa ilalim ng pandaigdigang sistemang kapitalista, higit na malulugmok ang bansa sa walang kapantay na kahirapan. Kinakaharap ng mamamayang Pilipino ang papatinding pagsupil sa pambansa-demokratikong pwersa na lumalaban para sa radikal na panlipunang pagbabago bilang susi sa tunay na kaunlaran.

Higit sa lahat, ang mga pangyayaring ito ay nagsisilbing hamon at panawagan upang mag-armas ang pambansa-demokratikong kilusang kabataan. Ang digma ng imperyalistang ekonomiya at pampulitikang agresyon, kaalinsabay ng pagiging sunud-sunuran ng papet na gubyerno, ay hahadlangan at gagapiin ng makatwiran at makataong digmang bayan na siyang tunay na sinasandigan ng mamamayang Pilipino. Sa pagdiriwang natin ngayon, muling ipinapanawagan sa mamamayang Pilipino ang natatanging sagot sa kahirapan at bibigo sa agresyong militar ng EU—ang digmang bayan.

Sa harap ng kasalukuyang atake ng imperyalistang EU at lokal na papet na rehimen sa pambansa-demokratikong kilusan, marapat na samantalahin ang okasyon upang bigyang pagpupugay si Kasamang Jose Ma. Sison sa kanyang naging papel sa pagbubuo ng Kabataang Makabayan, gayundin ang naging papel nito sa paghubog ng *postwar politics* ng Pilipinas. Napakarami na ng maniningning na tagumpay ng Kabataang Makabayan simula nang ito'y itatag noong 1964 bilang organisasyon na nagluwal ng pinakamagagaling at mahuhusay na anak ng bayan na lumahok sa ligal at iligal na pakikibaka para sa demokratikong karapatan at kagalingan ng mamamayang Pilipino.

Sa paggunita natin sa anibersaryo ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan, pinakamataas na pagpupugay ang iniaalay natin sa lahat ng mga kasamang martir ng KM at kay Kasamang Jose Ma. Sison sa kanyang buong panahong paglaban sa panghihimasok ng imperyalismong EU sa bansa. Nagpupugay tayo sa tagapagtatag ng Kabataang Makabayan na hindi nangimi sa kanyang paninindigan para sa pambansang kalayaan at demokrasya sa kabila ng matinding pahirap na dinanas nito sa kamay ng militar at sa loob ng kulungan nang siya ay dinakip noong 1997. Hindi susuko si Kasamang Jose Maria Sison sa mga direktang atake ng imperyalistang EU sa pamamagitan ng pagparatang sa kanya bilang isang 'terorista'.

Nananawagan tayo sa lahat ng kasapi na buung-buong yakapan ang pakikibakang pinanindigan ng mga martir ng bayan at magpatuloy sa paglilingkod sa sambayanan, walang iba kundi ang pagpapatuloy sa anti-imperyalista at pambansa-demokratikong pakikibaka sa parlamentaryo ng lansangan at sa alab ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

# Nilalaman


**1** **Editoryal**

**2** **Balita**

**3** Lathalain
***KM: Pagtugon sa Armadong Pakikibaka***


**4** Kultura
***Andres Bonifacio***

**5** Kultura
***Crisanto Evangelista***


Ang KALAYAAN ay inilalathala ng Pambansang Kalihiman ng **Kabataang Makabayan (KM).** Ang KM ay kasapi ng **National Democratic Front of the Philippines**.

# KM: Patuloy na Tumutugon sa ARMADONG PAKIKIBAKA

*Yuri Santos*



**Sa pagtungtong ng ika-38 taong anibersaryo ng Kabataang Makabayan (KM), umani ito ng maraming tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyon. Kinakitaan ito ng maniningning na aksyong protesta sa mga punong lungsod at paglawak ng kasapian at masang naabot ng propaganda. Higit sa lahat ay ang pagdami ng bilang ng mga kasapi ng KM na nagpasyang tumungo sa kanayunan at maging mga pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).**

Tunay ngang ang hanay ng kabataan ay hindi matutuyuang bukal ng mga rebolusyonaryo at pulang mandirigma. Ang mayamang karanasan ng sektor ay may malaking ambag sa gawain sa pag-oorganisa, edukasyon at pangkultura sa kanayunan, gayundin ang partisipasyon nito sa gawaing masa at pang-militar. Maka-ilanpung kabataan, mula sa mga eskwelahan at komunidad na direktang hawak ng pambansang kalihiman, ang sumasampa ng mga sonang gerilya sa iba't ibang rehiyon upang doon ay buong panahon na kumilos. Sa buong bansa, hihigit sa 100 kabataan ang nagiging bagong kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) kada taon.

Gayundin, ang pagdami ng bilang ng mga kabataang nagpapasiyang buong panahong kumilos sa iba't ibang sektor sa mga rehiyon labas ng NCR upang gumampan ng iba't ibang rebolusyonaryong gawain ay mahalagang punto. Ang mayamang karanasan nito sa pag-oorganisa at kampanya sa paaralan at komunidad ay nakakatulong ng malaki sa pagpapaunlad ng gawain sa ibang sektor, sa rehiyon at mga distrito.

**Rebolusyonaryong Tradisyon ng Kabataang Pilipino**

Katulad ng dakilang rebolusyonaryong lider na si Andres Bonifacio, ginamit niya ang kaniyang kabataan at nanandata upang ipagtanggol ang bayan mula sa dayuhang mananakop. Ang nabalam na rebolusyon ni Bonifacio at ng Katipunan ay kinikilala ng KM at ipinagpapatuloy sa anyo ng bagong tipo ng rebolusyon. Tinatahak ng kabataan ang rebolusyonaryong landas hindi lamang upang ipagtanggol ang kalayaan kundi upang wakasan ang bulok at mapang-aping sistemang panlipunan. Ang kapasyahan ng kabataan na humawak ng sandata ang siyang pinaka-mainam na tugon sa lumalalang krisis ng estado at ng tumitinding panghihimasok ng imperyalismong Estados Unidos. Kasabay ng paggunita ng anibersaryo ng pagkakatatag ng KM, kinikilala rin ng kabataan ang kabayanihan ni Bonifacio at ng Katipunan. Ang rebolusyong kanilang sinimulan ay ang rebolusyonaryong tradisyong ipinagpapatuloy ng kabataang Pilipino— hanggang sa ganap nitong tagumpay.

**Imperyalismong EU at ang Neo-Kolonyal na Estado: Tagapagluwal ng Rebolusyonaryong Kabataan**

Sapul ng kabataan ang kasagutan sa lumalalang kahirapan at sitwasyon ng lipunang Pilipino. Hindi nababanaag ng kabataan at mamamayan ang pag-asa sa mga nagdaaang rehimen. Ang mga dati nang batayang karapatan at serbisyo ng mamamayan ay nananatiling mga pangakong nakalista sa tubig. Higit pa itong ginagatungan ng panunupil sa mamamayan at sa rebolusyonaryong kilusan.


Ang mga naturang panggigipit ang nagluluwal ng galit at nag-aanak ng mga panibagong rebolusyonaryo. Inaasahan ang mga panibagong bulto ng kabataan na tutungo ng kanayunan upang labanan ng rebolusyonaryong lakas ang panunupil ng estado at gerang agresyon ng imperyalismong EU. Ang panawagan ay higit pang tumitining sa kasalukuyan na nakakaranas ng matinding atake ang CPP-NPA-NDF mula sa imperyalimong EU at ang kasapakat nitong papet na rehimeng Macapagal-Arroyo. Hindi kataka-taka ang paglawak ng hanay ng rebolusyonaryong kabataan na nagsusulong ng digmang bayan sa harap ng ganitong kalagayan.

**Ipagpatuloy ang Rebolusyonaryong Tradisyon ng Kabataang Pilipino!**

Muling hinihimok ang lahat ng kabataang tunay na nagmamahal sa kalayaan. Tunguhin ang rebolusyonaryong landas at mag-ambag ng panahon at lakas upang wakasan ang pang-aapi't pagsasamantala. Ang hamong gera ng imperyalismong EU ay lalabanan ng buong lakas ng digmang bayan ng tunay na hukbo ng mamamayan.

*Nananatiling buhay ang "Pagpapaanyaya ng kagitingan kontra sa abanse ng mga Kastila sa Silang, Zapote at Batangas" ng Supremo ng Katipunan, si Gat. Andres Bonifacio. Ang talumpating ito ni Bonifacio noong Pebrero o Marso 1897 ay inilalathala (kasama ng tula ni Crisanto Evangelista) sa ating pagdiriwang ng anibersaryo ng KM upang kilalanin ang mga akdang pampanitikan ng mga dakilang rebolusyonaryo at ipagbunyi ang papel nito sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino.*

# Manifesto:
# SA MARAHAS NA MANGA ANAK NANG BAYAN



**Sa Marahas Na Manga Anak Nang Bayan:**

Ang inyong ipinakilalang katapangan sa pakikihamok sa kaaway na mga Kastila buhat pa ng simulan itong panghihimagsik, ay siyang nagsasabing mataas na di ninyo ikinasisindak ang ugong ng paghahanda at pagsalakay dito ng hukbong akay ni Polavieja, na sa kaunting panahon ay nagpakilala na ng malabis na kadauagan at hamak na kaasalan ng alipin sa kanyang pagpapahirap at malimit na pagpatay sa makapal na kalahing hindi magsisilaban. Yaong pagpapasunog nito sa mga bayan, yaong paglapastangan at pagdungis sa capurihan ng mga babai na di pinacundanganan ang canilang cahinaan, yaong pagkitil ng buhay ng mga matatandang hindi na macausad at sangol na sumususo pa, na cailan may hindi aasalin at gagawin ng sino pa mang lalaking may puri at may tapang, ay humihingi ng isang masiglang paghihiganti at matinding caparusahan.

Sa inyong pamimiyapis mangyayaring abutin ang cayo'y tanghalin bangkay sa gitna ng parang ng pakikidigma; ngunit ito'y isang kapurihang inyong maipamamana sa ating Bayan, sa ating lahi, at sa ating angkan.

Ang inyong mapupugtong hininga, ay siyang magbibigay buhay sa ating Bayan at siyang matamis na alaala sa gunita ng inyong mga kapatid na naiwan.

Dapat naman ninyong mabatid, na ang kadahilanan ng ating paggugol ng lalong mahalaga sa loob at sampu ng ingat na buhay, ay ng upang tamuhin at at kamtan yaong linalayong kalayaan ng ating Bayang tinubuan na siyang magbibigay ng buong caginhawaan at magbabangon ng ating kapurihan na ilinugmok ng kaalipinan sa hukay ng kadustaang walang makatulad.

Sasagi kaya sa inyong loob ang panlolomo at aabutin ang panghihinayang na mamatay sa kadahilanang ito? Hindi, hindi! Sapagka't nakikintal sa inyong gunita yaang libolibong kinitil na buhay ng mapanganyayang kamay ng Kastila, yaong daing, yaong himutoc at pananangis ng mga pangungulila ng kanilang kalupitan, yaong mga kapatid nating nangapipiit sa kalagimlagim na bilanguan at nagtiis ng walang awang pagpapahirap, yaong walang tilang pag agos ng luha ng mga nawalay sa piling ng kanilang mga anac, asawa at matatandang magulang na itinapon sa iba't ibang malalayong lupa at ang katampalasanang pagpatay sa ating pinakaiibig na kababayan na si M. Jose Rizal, ay nagbukas sa ating puso ng isang sugat na kailan pa ma'y di mababahaw. Lahat ng ito ay sukat ng magpaningas sa lalong malamig na dugo at magbunsod sa atin sa pakikihamok sa hamak na kastila na nag bibigay sa ating ng lahat ng kahirapan at kamatayan.

Kaya mga kapatid, igayak ang loob sa pakikipaglaban at paasaasahan ang pagtatagumpay, sapagka't na sa atin ang tunay na katuiran at kabanalang gawa; Ang Kastila, iyang kasuklamsuklam na lahing dito'y napasuot, ang tanging ipinaglalaban, ay ang maling katuirang panggagaga at panlulupig dito sa di nila Bayan.

Sa lahat ng ito, ng maglubos ang kabanalan at kapurihan ng ating lahi, ng tanghalin ng Sandaigdigan ang kamahalan ng ating kalooban, ay huag tayong makipaghamok sa kaibigan lamang pumatay, kundi sa pagtatangol ng Kalayaan ng ating Bayan, at abutin sa mahigpit na pagkakayakap nating mga anak ng Bayan, ay maihiyaw ng buong lakas na Mabuhay! Mabuhay! Ang Haring Bayang Katagalugan!

**Andres Bonifacio**
**Maypagasa**

*Sanggunian: Twenty Speeches that Moved a Nation, selected and edited by Manuel L. Quezon III, Anvil Publishing, 2002. pp 25-26.*

# SIGAW NG DUKHA

***Crisanto Evangalista***



Mula sa *Ulos*

Ikaw na nasusunod sa atas ng iyong panginoon
Kayong yumuyukod at di nagkukuro sa habang panahon
Ako'y lumalasap ng pagkasiphayo at pagkaparaol,
Tayong lahat ngani, na binabagsakan ng pula't linggatong
Tayo ang may likha,tayo ang may sala ng lahat ng iyon,
Pagkat kundi tayo napaali'y walang panginoon.

Kung tayo'y natutong lumikha ating ipinanandata,
Kung ikaw at ako'y natutong lumikha ng ating ipinanandata,
Kung ikaw at ako'y natutong tumutol at di tumalima.
Kung tayong mga hirap,tayong manggagawa'y natutong kumita
Ng punglong pangwasak ng kanyon at saka, mga dinamita,
Disin ay putol na ang pang-aalipin at ang panggagaga
Sa ating mahihirap, niyang pinagpala ng masamang mana.

Maniwala kayo kung sa panimula tayo'y magpipisan
Bumuo, itatag ang lakas ng bisig at ng karapatan.
Nagbango't yumari ng isang Malaya at sariling bayan,
Niyong baying salat sa masamang nasa at sa kasakiman.
Maniwala kayong kahapon ma't ngayon, bukas at kailanman
Tatanghalin tayong may lakas na tao, may puri't dangal.

Maniwala kayo, mga piling kasamang, ang paghihikahos
Imbing pagkadusta at pagkaalipin nang lubos na lubos
At di gawa lamang ng mamumuhunang mga walang taros
Kundi api tayo, tayong sugatan ma'y di nagkaloob
Na gumawa baga ng pagsasanggalang nang wagas at taos
Upang mapaanyo ang lakas ng lahat sa ikakatubos.

Ngayon, mga kasama, tayo'y dumaraing sa lagay ng dusta
Tayo'y nadadagit sa malaking buwis na sa ati'y likha
Ng batas anilang kung kaya niyari, kung kaya nalagda
Ay sa kagalingan ng baying mahirap at nagdaralita
Hindi baga ito katutubong hangad sa bukto't na gawa?
Kapag paggugol, pantay-pantay tayo! Mayaman ma't dukha.

Tayo'y dumaraing, laging humihingi ng kandiling tapat.
Sa pamahalaan, sa Mamumuhunan, at sa lagdang batas
Ngunit masdan ninyo kapag dumarating ang pagpapahayag
Ng di kasiyahan natin sa pakana't masamang palakad: Ang
mamumuhunan, ang pamahalaan at ang mga batas
Ang ating kalaban, ang sumasanla, nang ganap na ganap.

Ginigipit tayo ng nagtataasang halaga ng lahat,
Sinisikil tayo sa mababang pasahod at ng kasalungat
Tayo'y inaapi ng mamumuhunan sa gawa ng pilak
Binibiro tayo ng mga hukuman sa hatol na tuwad
At pati pa halos niyong lalong imbi tayo'y hinahamak
Ngunit hindi mandin tayo gumagawa ng mga pangwawasak.

Kung may damdamin ka't dinaramdam mo ang lahat ng ito,
Kung may nababahid na kamunting dangal sa puso mo't noo,
Kung ikaw'y simpanan ng magandang gawa, gawang makatao
Walang lingong-likod, kusa mong tunguhin nang taas ang ulo
Nang buka ang diddib, ang iyong kasama sa isang upisyo
At isumpa roong makikisama ka nang di naglilito

Isumpa mo roong magtataguyod ka ng ganap na layon
Mamahalin mo, ang Palatuntunan at ang iyong Unyon
Gagawa ng lalong matapat sa lahat ng ikakasulong
Hindi magtatamad sa mga pagdalo na higit sa lasong
Nananatay sa mithi, na likha ng sama't pagniningas-kugon.

Saka pagkatapos na iyong magaganap ang ganang tungkuli'y
Makikita mo nang unti-unti naman ang lahat ng sakim,
Ang lahat ng sama na nakapagbigay ng dilang hilahil,
Pawang napapawing usok na masangsang sa himpapawirin
At sa kasunod niya'y " Ang Sigaw ng Dukha" pagwawakas lagim!



*Si Crisanto 'Anto' Evangelista ay isang rebolusyonaryong lider-manggagawa. Pinamunuan niya ang pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Nob. 7, 1930.*